Lozano, Mel Alyssa S.
Seksyon H1

“Bagong perkspektibo”

Mahirap, para sa akin, ang salubungin ang isang bagong taon. Kaisa ng ibang ayaw rin sa pagbabago, hudyat ng isang bagong taon ang simula ng samo’t saring walang kasiguraduhan. Takot ako. Takot na takot sa maaari at hindi maaaring mangyari.

Bago manood ng pelikula, binabasa ko muna ang balangkas ng istorya nito *online*. Mas nais kong mapag-isa. Mas ipinapamukha lamang ng mga bagong interaksiyon ko sa iba kung gaano ako nakakabagot kausap—kung gaano kalamlam ang buhay ko.

Ngunit matapos kong damahin—hindi lamang basta basahin—ang mga babasahin para sa paunang modyul at makinig sa mga talakayang mas nagpalalim pa sa mga ideyang nakapaloob sa mga ito, napagtanto kong mali ako. Hindi ako takot. *Duwag ako*.

Milyun-milyong patama ang ibinato sa akin ng katha ni Padre Roque. Para sa akin, ang pinakahindi ko malilimutan ay ang isinulat niya ukol sa mga “Ayaw lumundag pero, para sa kanila, marunong na sila.” Ako ‘yong tipo ng taong kontento na sa pagmamasid. Ayos na sa aking makita na ginagawa ng iba ang isang bagay. Kung hindi mo pa ako itutulak sa *swimming pool* ay ibababad ko lang ang paa ko sa tubig maghapon. Kung hindi pa ako hihilahin ng tiyahin ko para makipaglaro sa kapit-bahay, buong araw lang akong nakadungaw sa bintana para panoorin sila. Kung hindi pa ako lalapitan ng guro upang personal na tanungin kung naiintindihan ko ba ang kanyang itinuturo o hindi ay buong gabi kong iiyakan ang pag-aaral sa leksyon na iyon kasi sa umpisa pa lang ay hindi ko na maunawaan ang mga konsepto. *Katulad ko ang mga estudyanteng kuntento na sa pagsulat.*

Sanay na sanay akong nakikita lang ang isang bagay. Hindi ko itinutulak ang sarili ko upang tumingin—*totoong tumingin*. May isang linya mula sa katha ni Padre na para sa akin ay napakaganda’t lalim, “At ang pagtingin ay isang gawain na ako lamang ang makagagawa, kung ako nga ang makakakita.” Ayos na ako sa pagmamasid kasi nakikita ko naman ang

nararamdaman ng iba sa ginagawa nila—nakikita kong naging masaya sila, nawindang, nainis, natakot, at iba pa. Marahil namana ko ito sa lolo kong ang linyahan lagi ay, “Makita ko lang kayong kumain, busog na ako.” Lagi kong itinatanong sa tita ko noon, hindi naman mata ng lolo ko ang kumakain… paano siya mabubusog? Marahil dapat tanungin ko rin ang sarili ko. Paano ko nasasabing nakatutuwa nga ang ginawa ng iba kung hindi ko ito personal na nararanasan—*kung nakikita ko lang ito at hindi nadadanas*?

*Tila wala akong pagkakaiba sa mga presong nasa yungib*. Kuntento na ako sa mga anino. Pilit akong nagtatago sa yungib ng karuwagan. Ipinipilit kong takot lamang ako. Ngunit ilang taon na ba akong ‘natatakot’? Ilang beses ko na bang hinayaan ang sarili kong magpakontrol sa mga kinatatakutan ko—sa pagsubok sa mga bagay na bago. Marahil nanahan na ako sa emosyong ito sapagkat ito ang pamilyar. At tulad nga ng nabanggit ko, takot ako sa pagbabago. Pero hanggang kailan ba ako mananatiling ganito? Nakakapagod din. Nakakapagod mamuhay bilang isang manonood. Nakakapagod na ang pagsusulat. Nakakapagod nang magpagapos at tumingin sa pader kung saan anino lang ng iba ang nakikita ko.

Marahil, panahon na para ako’y lumundag. Panahon na para tumingin. Panahon na para lumabas sa yungib at silayan ang liwanag. Nakakatakot man sa umpisa dahil dati ko lamang isinusulat ang dapat kong isagawa, dati’y mas sanay akong nakikidama, dati’y mas kontento na ako sa dilim ng yungib…alam kong lilipas din ang mga ito. Sana’y lumipas din.

“*Nagigisnan ng buong tao ang buong daigdig. Hindi sapat na sabihin ito. Kailangang matauhan ka. Danasin mo*.”

Marahil panahon na para maging *buong tao* ako.